## Kabataang Pilipino: Mga Tools sa Paglago

### IV. POWER NG KALIGTASAN

Ang tool o kasangkapan by definition ay anumang instrument o simpleng kagamitan na hawak mo sa iyong mga kamay at ginagamit sa paggawa ng isang particular na uri ng trabaho gaya ng martilyo, kutsilyo at iba pa. Ito rin ay nangangahulugan na anumang bagay o gawain na ginagamit mo sa isang particular na layunin. Sa araling ito ay gagamitin natin ang huling kahulugan.

Ang layunin ng Diyos sa buhay mo ay maisakatuparan ang mga mabubuting gawa na Kanyang hinanda na iyong lalakaran. Ito rin ang dapat na maging hangarin ng iyong puso. Ano man ang piliin mong propesyon sa buhay at kahit nasaang dako ka man ng bansa o mundo ay patuloy mong maisapamuhay ang Kanyang kalooban sa iyo. Ang mga tools na binabanggit sa araling ito ay kakailanganin mo upang ikaw ay lumago at maging matatag, upang maisakatuparan mo ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Ang pang-apat na tool na kailangan ng kabataang tulad mo ay ang pagkilala ng pangangailangan mo ng tagapagligtas. Kalikasan ng tao na bigyang kaligayahan ang sarili, sundin ang sariling kagustuhan at mamuhay ng taliwas sa kalooban ng Diyos dahil sa lahat tayo ay makasalanan. At bunga niyan, ang kabayaran ng ating kasalanan ay kamatayan. Lahat tayo; ikaw at ako ay nahatulan ng kamatayan. Ang kasalanan ay ang naglayo sa atin sa Diyos. Ngunit may mabuting balita, tayo ay pinagkalooban ng daan upang maligtas mula sa parusa na ito.

**TIME OUT**

Ano ang kalikasan sa isang kabataang tulad mo?

______________________________________________________________

Bakit nangangailangan ka ng tagapagligtas?

______________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Roma 3:23**

Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

*For all have sinned and fall short of the glory of God.*

**Roma 6:23**

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

*For the wages of sin is death, but the free gift of God is eternal life in Christ Jesus our Lord.*

**Mateo 1:20-21**

Ngunit habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria, sapagkat ang sanggol na dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo. Magsisilang siya ng isang batang lalaki at Jesus ang ipapangalan mo sa sanggol sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."

*But as he considered these things, behold, an angel of the Lord appeared to him in a dream, saying, "Joseph, son of David, do not fear to take Mary as your wife, for that which is conceived in her is from the Holy Spirit. She will bear a son, and you shall call his name Jesus, for he will save his people from their sins."*

**Juan 3:16-17**

Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, hindi upang hatulan ng parusa ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan Niya.

*"For God so loved the world, that he gave his only Son, that whoever believes in him should not perish but have eternal life. For God did not send his Son into the world to condemn the world, but in order that the world might be saved through him.*

**1 Juan 2:2**

Si Cristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, hindi lamang ang ating mga kasalanan, kundi maging ang kasalanan ng lahat ng tao.

*He is the propitiation for our sins, and not for ours only but also for the sins of the whole world.*

**2 Corinto 5:21**

Hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, siya ay itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa Kanya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos.

*For our sake he made him to be sin who knew no sin, so that in him we might become the righteousness of God.*

**Efeso 2:8-9**

Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang maipagmamalaki ang sinuman.

*For by grace you have been saved through faith. And it is not your own doing; it is the gift of God, not a result of works, so that no one may boast. For we are his workmanship, created in Christ Jesus for good works, which God prepared beforehand that we should walk in them.*

**Roma 10:9**

Kung ipahahayag ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na Siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka.

*Because, if you confess with your mouth that Jesus is Lord and believe in your heart that God raised him from the dead, you will be saved.*

1. Ayon sa unang 2 talata, sino ang nagkasala at sino ang dapat mahatulan ng kamatayan?

   ______________________________________________

2. Ayon sa Mateo 1:20-21, bakit isinilang si Jesus?

   ______________________________________________

3. Ayon sa Juan 3:16-17, bakit ipinadala ng Diyos si Jesus?

   ______________________________________________

   Sino ang hindi mapapahamak ayon sa iyong nabasa?

   ______________________________________________

4. Sino ang naging handog para sa ikapapatawad ng ating kasalanan ayon sa 1 Juan 2:2?

   ______________________________________________

5. Sa paanong paraan magiging matuwid ang isang makasalanang tulad mo sa harap ng Diyos ayon sa 2 Corinto 5:21?

   ______________________________________________

6. Ayon sa Efeso 2:8-9, may kakayanan ba ang tao na iligtas ang sarili mula sa parusa na bunga ng kasalanan?

   ______________________________________________

7. Ano ang iyong dapat gawin upang ikaw ay maligtas mula sa parusang ito ayon sa Roma 10:9?

   ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang gospel ni Jesu Cristo ay ang mabuting balita ng kaligtasan. Ito ang ibinunyag ng isang anghel ng Diyos kay Jose sa pamamagitan ng panaginip. Ang sabi ng anghel ay ito:

*Jose, anak ni David, huwag kang mabahala na pakasalan si Maria sapagkat ang nasa kanyang sinapupunan ay mula sa Banal na Espiritu. Dadalhin niya ang isang sanggol na lalaki at papangalanan mo siyang Jesus, na siyang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kasalanan* (Matthew 1:18-21).

Ang mabuting balita na ito ay unang ibinunyag publicly sa Bethlehem kung saan si Jesus ay isinilang.

Ano sa iyong pagkakaalam ang dahilan kung bakit kailangan isilang si Jesus sa mundo?

Bakit tayo nangangailangan ng tagapagligtas?

Si Jesus ay naparito upang sa takdang panahon ay ialay ang Kanyang buhay, pasanin ang ating mga kasalanan at tanggapin ang hatol ng ating kasalanan (died on the cross) bilang kapalit natin. Hindi natin maaaring ialay ang ating buhay sapagkat tayo ay makasalanan. Isang perfect, walang dungis at walang pagkakasala ang maaari lamang maging sacrifice para dito, at iyon ay si Jesus.

Sinasabi sa Romans 3:23 at 6:23 na ang lahat ay nagkasala at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, subalit ang walang bayad na handog ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus.

Ang kasalanan ang naging hadlang sa magandang relasyon na mayroon ang Diyos at tao (noong una). Dahil sa kasalanan, lumayo ang tao sa Diyos. Ang Diyos ay banal. Ang taong makasalanan (tayo), ay hindi basta-basta makalalapit sa Diyos na banal. Ngunit dahil sa Kanyang pag-ibig sa taong nilikha (tayo), gumawa Siya ng paraan upang magkaroon ng tulay na magbubuo muli ng ugnayan na mayroon ang Diyos at ang tao. Ito ay sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

May alam ka pa ba na ibang paraan kung paano ka maaabswelto sa kaparusahan na dapat mong tanggapin?

Kung ang sagot mo ay mayroon, ano ito?

Sinasabi naman sa Efeso 2:8 na ang kaligtasan ay biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Walang kahit anong “mabubuting gawa” na alam mo ang maaaring magligtas sa iyo mula sa kaparusahan ng iyong kasalanan. Tinuturo sa atin ng Efeso 2:9 ang pagiging mapagpakumbaba at ang pag-amin na wala tayong kakayanan na iligtas ang ating sarili.

Ang kabataang nagdadasal, nag-aaral ng salita ng Diyos at namumuhay ng *separated* subalit hindi *isolated*, ay kumikilala kay Cristo Jesus bilang kanyang tagapagligtas. Alam niya na kailangan niya ng tagapagligtas sapagkat siya ay makasalanan at karapat dapat na tumanggap ng kaparusahang iginawad sa kanya. Ngunit alam niya at naniniwala siya na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus at sa Kanyang salita, ang kabataang ito ay may kaligtasan na.

Ikaw ba ang kabataang ito?

Magiging matagumpay ka sa pagtuklas ng kalooban ng Diyos sa iyong buhay kung ang mga tools na iyong napag-aralan ay iyong gagamitin habang ikaw ay lumalago sa pagkakilala, pagtitiwala, pag-ibig at pagsunod sa Kanya.

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Naniniwala ka ba at kinikilalala mo ang pangangailangan mo ng isang tagapagligtas?

   ______________________________________________

2. Tinanggap mo na ba si Jesus bilang iyong tagapagligtas?

   ______________________________________________

3. Sino na ang naghahari sa iyong puso? Paano mo nasabi ito?

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | kailangan ko ng tagapagligtas sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Kung ipahahayag ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na Siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. **Roma 10:9**